# Mula sa Pagkawala ng Pag-asa Hanggang sa Pagliligtas

A Lord's Flock General Assembly Topic
By: Sis. Techie Rodriguez, Elder-Founder
*July 11, 2020*

Nakaharap sa pagkabalisa ang mga tao sa buong mundo ngayon dahil sa bugso ng pandemya. Ngunit sa gitna ng kahirapan, naililigtas tayo ng ating paniniwala sa Diyos sa kawalan ng pag-asa at panghihina ng ating loob.

Noong panahon ni propetang Eliseo, nagkaroon ng matinding taggutom sa lupain. Sa kawalan nila ng pag-asa, napilitan silang maging kanibal (2 Hari 6: 28-29). Habang nagbabalak sumuko ang Hari sa mga kaaway, nagbigay ng hula si Eliseo na maraming pagkain kinabukasan. Hindi naniwala ang kapitan ng hari ( 2 Hari 7: 2).

**Mga aral mula sa apat na ketongin**

Nakatira sa labas ng siyudad ang apat na ketongin. Dahil taggutom noon, hindi na sila nakahingi ng limos.

**1. Ang kawalan ng pag-asa ang nagtutulak para makipagsapalaran.**
- Nawalan na sila ng pag-asa, at agad nila itong nakilala, kaya't lakas loob nilang itinaya ang lahat (2 Hari 7: 3-4).
- Katulad tayo ng mga ketongin, humihina ang ating loob dahil sa ating mga kasalanan. Kung may mga pagsubok tayo sa ngayon, wala tayong mararating kung hindi tayo kikilos. Siguradong makahahanap ng kayamanan ang taong nawawalan ng pag-asa.

**2. Nangangailangan ng pagkakaisa sa panahon ng kawalang ng pag-asa**
- Tinimbang nila ang lahat ng mga pagpipilian. Nagkaisa silang pumunta sa kampo ng mga kaaway para maghanap ng makakain (2 Hari 7:4).
- Itabi ang mga maliliit na bagay at magkaisa sa paniniwala sa Diyos.

**3. Nangangailangan ng mga desperadong hakbang sa panahon ng kawalan ng pag-asa.**
- Higit sa lahat, kailangang hanapin natin ang karunungan ng Diyos at makamit ang pagkaunawa.

**4. Ang kawalan ng pag-asa ang nagtutulak ng pagkilos.**
- Nagpunta sa kampo ng mga taga-Siria ang mga ketongin, at wala silang dinatnan isa man (2 Hari 7:5).
- Mamuhay tayo ayon sa pananalig sa Diyos, hindi sa mga bagay na nakikita (2 Cor. 5:7).

**5. Namamangha ang Diyos sa desperadong pananalig**.
- Habang palapit ang mga ketongin, nakarinig ang mga kaaway ng ragasa ng maraming kabayo't karwahe . Lumikas sila at iniwan ang kanilang kampo ( 2Hari 7:5). Kaya't , nakahanap ang mga ketongin ng maraming pagkain at nagsamsam ng maraming bagay.
- Nangako ang Diyos na tutugon at ipahahayag ang mga bagay na mahiwaga sa lahat ng tatawag sa Kanya (Jer 33:3).

**6. Ang gantimpala ay namumunga ng malaking responsibilidad na ibahagi ang kayamanan.**
- Naisip nila na magbahagi sa kapwa Israelita. Bumalik sila sa lungsod at iniulat nila lahat sa mga bantay (2 Hari 7: 9). Naging pastol sila, kung saan nagpakain sila ng maraming tao.
- May pananagutan tayong ibahagi ang magandang balita ng pagmamahal, awa ng Diyos at paglaya ng ibang tao.

**7. Maging alisto tayo; magagawa ni Satanas na mangamba at mawalan tayo ng pag-asa.**
- Noong narinig ito ng hari, inakala niyang pain lamang ito ng mga kaaway (2 Hari 7: 12).
- Piliin natin ang makinig sa mga salitang nagpapalakas ng loob, at iwasan ang mga nagbibigay ng kawalan ng pag-asa.

**8. Kung may agam-agam tayo, huwag ng maghintay ng sagot mula sa Diyos.**
- Nasagasaan ng mga taong dumagsa ang kapitang hindi naniwala sa sinabi ni Eliseo. Namatay siyang hindi niya natikman ang tagumpay ng mga tao (2Hari 7:19).

Sa ngayon, mga ketongin tayo sa simbahan, naligaw at nagkasala. Ngunit natagpuan tayo ng Diyos. Kaya't mayroon tayong pananagutan na ibahagi sa iba ang Magandang Balita.

**Pagninilay:** Nawawalan ka ba ng pag-asa sa ngayon? Hayaang palitan ng iyong paniniwala ang iyong kawalan ng pag-asa ng pagliligtas.

**Isinalin ni:** Sis Nida Cruz
**Na-edit ni:** Sis Vera I. Tuplano
**Naaprobahan ni: Sis Vera I. Tuplano**
For more Teachings, visit our website:
www.Lordsflock.org/Teachings/ReadingMaterials